

PROTECTIVE SERVICES OFFICER



NAGHAHANAP ANG VICTORIA POLICE NG MGA TAONG GAGANAP

NG TUNGKULIN NG PROTECTIVE SERVICES OFFICER (PSO).

Ano ang tungkulin ng isang PSO?

Ang mga PSO ay nakatalaga sa mga istasyon ng tren sa buong Victoria sa pagitan ng 6ng hanggang 3nu bawat araw upang pangalagaan ang 400,000 taong bumibiyahе na gamit ang tren. Ang mga PSO ay may tungkulin sa:

- Proaktibong pagmomonitor sa mga nagbibiyahе sa tren at pananatiling nakikita sa lugar
- Pagtulong sa publiko sa kanilang mga pangkalahatang katanungan
- Pagbibigay ng payo at paniniyak sa kaligtasan ng komunidad
- Pagtugon sa mga insidente ng mga pag-aasal na hindi kasiya-siya sa lipunan kabilang na ang mga paglabag na may kaugnayan sa alak, bawal na gamot at pamiminsala sa ari-arian



VICTORIA POLICE

Kwalipikado ba ako upang maging isang PSO?

Upang maging kwalipikado bilang isang PSO sa Victoria Police, dapat mong matugunan ang mga sumusunod na mga rekisitos sa pagpasok dito:

Mamamayan ng Australya o Permanenteng Residente ng Australya

Kailangang ikaw ay isang Mamamayan ng Australya o isang permanenteng residente ng Australya upang mapabilang sa Victoria Police.

Magpakita ng magandang ugali at reputasyon

Ang Victoria Police ay nagsasagawa ng malawak na mga pagsisiyasat sa background ng mga aplikante sa Protective Services Officer sa proseso ng pagpili. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga alituntunin tungkol sa nakaraang kasaysayan (prior history) ng Victoria Police, bisitahin ang: www.policecareer.vic.gov.au/pso/forms-psy.

Matugunan ang minimum na mga medikal na rekisitos

Kailangan mong matugunan ang minimum na mga medikal na rekisitos ayon sa patakarang medikal ng Victoria Police upang maisagawa ang tungkulin. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa medikal na mga alituntunin ng Victoria Police, bisitahin ang: www.policecareer.vic.gov.au/pso/forms-psy.

Magpakita ng mahusay na kasanayan sa pakikipag-usap sa Ingles

Isa sa mga pangunahing kasanayan na kailanganin mong ipamalas bilang isang aplikante ng PSO ay ang iyong kakayahang makipag-usap rin sa Ingles. Nangangahulugan ito ng kakayahang magbasa, magsulat, makinig at makipag-usap sa wikang Ingles sa antas na maisasakatuparan mo nang mahusay ang pagsasagawa ng iyong mga tungkulin sa trabaho.

Tandaan: Interesado rin ang Victoria Police sa mga rekluta (recruits) na may kasanayang magsalita sa dalawang wika at magagawang makipag-usap sa miyembro ng publiko sa kanilang katutubong wika at maghatid ng impormasyon pabalik sa Ingles.

Magbigay ng patunay ng kwalipikasyong tinapos o edukasyon kung mas bata sa 21 taong gulang

Kung ikaw ay mas bata sa 21 taong gulang, kailangang nakapasa ka sa Victorian Certificate of Education (VCE) o katumbas (Senior Level Victorian Certificate of Applied Learning (VCAL) ay tatanggapin) nito bago maitalaga sa tungkulin.

May-hawak na Lisensya ng Pagmamaneho sa Victoria

Dapat ay mayroon kang kasalukuyang lisensya ng pagmamaneho sa Victoria kapag naitalaga sa tungkulin. Alinman sa awtomatiko o manwal na lisensya ay tatanggapin.

Ano pa ang ibang mahahalagang impormasyon na dapat kong isaalang-alang bago mag-aplay bilang isang PSO?

- Bilang isang PSO ikaw ay magtatrabaho 80 oras kada dalawang linggo sa isang permanenteng twilight shift (panimulang oras sa pagitan ng 3nh hanggang 7ng at pagtatapos sa pagitan ng 2nu at 3nu)
- Bilang isang PSO ikaw ay mamamagitan sa mga gulo, mararahas na taong lumalabag sa batas at mga taong apektado ng bawal na gamot at alkohol
- Bilang isang PSO ikaw ay inaasahang magsasangtabi ng iyong personal, relihiyoso at pampulitikang pananaw upang panindigan ang mga batas ng estado
- Bilang isang PSO kakailanganin mong mong magdala ng armas
- Bilang isang PSO, ang iyong asal sa loob at labas ng trabaho ay sumasalamin sa iyong pagkatao at sa Victoria Police. Ang pag-uugaling ito ay kailangang may mataas na pamantayan at nagpapakita ng mga values o pinahalagahan ng Victoria Police
- Bilang isang PSO kailangan mong magkaroon ng access sa isang pribadong sasakyan papunta at pabalik mula sa trabaho dahil ang mga serbisyo ng pampublikong transportasyon ay tapos na sa oras na matapos ang iyong shift
- Bilang isang PSO bibigyan ka ng pagkakataong ipahayag kung saang lugar mo gustong maitalaga pagkatapos ng pagsasanay, gayunman ito ay depende kung may lugar pa dito (availability)

Ano ang proseso ng aplikasyon para sa PSO?

Bilang isang aplikante, ikaw ay kinakailangang dumaan sa mga sumusunod na yugto bago mapili upang magtrabaho sa Victoria Police:

Hakbang 1	Magsumite ng application sa online sa www.policecareer.vic.gov.au
Hakbang 2	Kumuha ng isang pagsusulit
Hakbang 3	Sumailalim sa paunang pagsisiyat ng iyong background
Hakbang 4	Sumailalim sa pagtatasa ng kalusugan ng katawan
Hakbang 5	Sumailalim sa sikolohikal na pagtatasa
Hakbang 6	Sumailalim sa isang medikal na pagsusuri
Hakbang 7	Sumailalim sa malawakang pagsisiyasat ng iyong background
Hakbang 8	Sumasailalim sa isang panel interbyu

Ano ang suweldo at mga benepisyo ng isang PSO?

- Kompetitibong suweldo mula sa unang araw ng pagsasanay
- Pagtaas ng suweldo taun-taon at allowance sa dagdag na shift
- 9 na linggong leave (na binubuo ng 5 linggong recreation leave, 2 linggong kapalit ng mga pampublikong bakasyon at 10 araw na naipong time off o pahinga sa trabaho)
- Defence Force Leave (Bakasyon sa Defence Force)
- Pagtustos sa mga Uniporme
- Seguridad sa Trabaho

Anong pagsasanay ang makukuha ko bilang isang PSO?

Lahat ng aming mga PSO ay sumasailalim sa pagsasanay sa unang 6 na buwan ng kanilang pagtatrabaho sa Victoria Police tulad ng mga sumusunod:



Linggo 1-12: Pagsasanay sa Victoria Police Academy sa batas, komunikasyon at pagsasanay sa kaligtasan sa pagpapatakbo (kabilang ang mga pagsasanay sa baril)



Linggo 13-24: Pagsasanay sa estasyon ng tren sa Melbourne CBD kasama ang isang tagapagturo

Kailangan mo pa ba ng karagdagang impormasyon?

Ang Victoria Police ay nagsasagawa ng sesyong pang-impormasyon tungkol sa PSO sa Melbourne at sa paligid nito bawat linggo.

Upang malaman ang mga petsa at oras, bisitahin ang:
www.policecareer.vic.gov.au/ps0/info-session

O

Mag-email ng iyong mga tanong sa:
rsbmarketing@police.vic.gov.au



VICTORIA POLICE